Region III

PAG-AALAGA NG MANOK

Pag-aalaga ng native na manok

Ang mga native na manok ay karaniwang makikita sa likod bakuran ng bahay nasa rural areas. Kadalasan, kakaunti lamang ang bilang ng mga ito at umaabot hanggang 24 inahin na ginagamit para sa produksyon ng itlog. Ipinapalaki ng ilang nag-aalaga ng native chickens ang mga ito para sa produksyon ng karne.

Ayon sa mga dalubhasa, nananatili parin ang bilang ng mga nag-aalaga ng native na manok sa ating bansa mapa hybrid man ito o commercial stocks.

Ano ang native na manok?

Ang native na manok ay mga manok na inaalagaan lamang sa mga likod bakuran, hinahayaang kumain lamang ng mga pagkaing kanilang makakain sa bakuran, at hindi pinapakain ng anumang kemikal upang mapadali ang kanilang paglaki. Ilan sa mga kilalang chicken breeds ay ang Banaba na nanggaling sa Batangas, Bolinao ng Pangasinan, Camarines ng Bicol, Darag ng IloIlo, Jolo ng Basilan, at ang Paraoakan na nanggaling naman sa Palawalan.

Sa pagpapalahi ng native na manok, piliin ang inahin na may magandang katangian tulad ng:

- May malaking palong na namumula at makinis.
- Maputla ang paligid ng mga mata at tuka.
- Kailangang malambot at makinis ang wattle.
- Dapat ang vent ay malaki, bilog, mamasa-masa at mamutla- mutla.

• Ang balakang ay malambot at may distansiya.

Pumili ng inahin na malusog, aktibo, may makintab na pakpak at may magandang hugis ng katwan. Sa pagpili naman ng tandang, pumili ng tandang na nagmula sa kawan ng mabilis lumaki.

Pag kolekta ng itlog

Karaniwang nangigitlog ang mga inahin tuwing alas-nuebe ng umaga hanggang alas-tres ng hapon. Ang pagkokolekta ng itlog ay dapat ginagawa araw-araw at nag-iiwan ng kahit isang itlog lamang upang makakatulong na mahikayat ang mga inahin na mangitlog pa. ang regular na pagkokolekta ng itlog ay makakatulong upang mabawasan ang bilang ng mga napipisang itlog at maduming itlog. Napatunayan narin na ito ay mabisang paraan upang tumaas ang bilang ng mga itlog na ilalagay sa limliman.

May ilang mga paalala sa paggawa ng magandang kalidad na sisiw.

• Siguraduhing laging malinis ang lugar ng pangitlugan

• Ang mga itlog na ilalagay sa limliman ay dapat wasto ang sukat , walang basag at makapal ang shell ng mga ito.

• Itago ang mga malapit ng mapisang itlog sa malamig at tuyong lugar hanggang sa pwede ng limliman.

• Gumamit ng basket o kaya kahon na yari sa cardboard para sa pagtataguan ng mga itlog.

• Itago ang mga malapit ng mapisang itlog mula 5 hanggang 7 araw bago ilagay sa limliman.

Napaka importantea ng pagpili sa mga itlog na ilalagay sa limliman dahil ito ay isa sa mga dahilan para malaman ang kalidad ng mga sisiw na mapipisa. Ang mga mataas na kalidad ng itlog ay kadalasang nagdudulot ng mataas na kalidad ng sisiw.

Ang broodiness ay isang katangian ng mga inahin na makakapagdulot ng mahinang produksyon ng itlog. Ang mga inahin ay kadalasang naka upo sa kanilang mga itlog hanggang mapisa ang mga ito.

Gayunpaman, ayon sa mga pag-aaral, ang gawaing ito ay magdudulot ng mababang produksyon ng itlog kaya dito kinakailangan ang artipisyal na limliman. Kung walang sapat na pera ang iang nag-aalaga ng manok sa pagbili ng incubator, maaari nyang idala ang mga mapipisang itlog sa commercial hatchery isang beses sa isang linggo at kolektahin ang mga sisiw dalawang araw pagkatapos, ayon sa pinag-usapang gastos kada pagpisa ng itlog.

Pag-aalaga sa sisiw

Ang pag-aalaga ng bagong pisang sisiw ang pinaka importanteng bahagi ng pag-aalaga ng mga

native na manok. Ito ang panahon na kung saan nagsisimula ang buhay ng isang manok sa oras na ito ay mapisa hanggang isang buwan na ang mga ito. Ayon sa pananaliksik , ito ang panahon na kung saaan karamihan sa mga sisiw na napipisa ay nagkakasakit at namamatay.

Para mahikayat ang mga inahin na ipagpatuloy ang pangingitlog, mas mainam kung ihiwalay kaagad ang mga sisiw sa inahin.

Ilipat ang mga sisiw sa brooder house na kung saan ang mga ito ay ikukulong mula sa araw ng pagkapisa hanggang sa paglaki. Sa paraan na ito, maproprotektahan ang mga sisiw laban sa ulan, malakas na hangin, paiba-ibang kondisyon ng panahon at sa mga mandaragit.

Ang katamtamang sukat ng brooder house ay may sukat na 2ft. x 3ft. x 1ft. dito ay maaaring makapag bahay ang dalawangpu hanggang tatlongpung sisiw mula unang araw hanggang umabot ng tatlo hanggang

apat na linggo.

Pagkatapos ang isang buwang pananatili sa brooder house, ilipat ang mga sisiw sa mas malaking lugar na nasa lupa. Sa prosesong ito, magiging malakas ang mga sisisw bago sila pakawalan. Ang growing stage ay mula dalawa hanggang limang buwan. Ang lugar na kung saan pinapalaki ang mga sisiw ay dapat may damo at paayap na makakatulong upang mabawasan ang paggastos sa pagbili ng pagkain at masigurado na magiging malusog ang mga sisiw.

Pabahay

Magtayo ng kulungan sa may kalamigang lugar. Kailangang may sapat na kaayusan ang kulungan ng



mga manok na kung saan sila ay makakapag pugad tuwing gabi, humanap ng kulungan na maaaring gamitin kapag umuulan, at gumawa ng pugad para sa pangitlugan. Magkaroon ng sapat na uri ng saklaw sa

mga kulungan para sa mga pagpapalaki at pagpapalahi ng may 1-2 metro kwadrado kada manok. Pagsamahin ang mga manok na magkakapareho ang tanda sa isang kulungan upang maiwasan ang pag-aaway at pagkakaroon ng sakit.

Para mapataas ang produksyon ng itlog, ilagay ang mga manok sa magkabilang kulungan na may pugad.

Pagpapakain

Ang mga native na manok ay maaaring pakainin sa regular na pagkaing tulad ng ground corn, rice hull, rice bran, copra meal, rice grits, corn bran, at mga tira na pagkain sa kusina tulad ng kanin, tinapay, at iba pa. Inirerekomenda rin na bigyan ang mga sisiw ng commercial starter feeds mula pagkapisa hanggang isang buwang gulang na ang mga ito.

Kapag umabot na ng isa't kalahating buwan ang mga sisiw, ang pagkain nila ay unti-unting mababago.

Maaaring mabawasan ang pagkonsumo nila ng commercial feeds at tataas naman ang pag konsumo ng regular feeds. Mas maganda ring maturuan ang mga sisiw na kumain ng mga pagkaing nasa paligid.

Pag-aalaga sa kalusugan

Ang mga sumusunod na panuntunan ay makakatulong upang maiwasan ang mga sakit sa maaaring dumapo sa mga native na manok.

• Siguraduhin ang kalinisan ng kulungan, kainan, panubigan, at ang ilang mga kagamitan.

• Bigyan ang mga manok ng sapat at balanseng nutrisyon sa pagkain upang maiwasan ang pagkakasakit ng mga manok.

Inihanda ng Regional Agricultural Information Section at ng DA RFO-3 Livestock Program

Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa aming tanggapan:

facebook.com/DARFO3
(045)-963-6726
da_rfu3@yahoo.com
rfu3.da.gov.ph
Livestock_darfu3@yahoo.com